

Pagsuporta sa inyong anak

Maraming pananaliksik ang nagmumungkahi na kapag mahusay ang pagkabuo at pagkatuto ng unang wika ng mag-aaral, magiging mas matagumpay siya sa pagtuto at pagbuo ng pangalawang wika.



Palatandaan ng “Stress” sa inyong anak

Ang pagtuto ng bagong wika sa bagong sistema ng pag-aaral ay maaring mabigat para sa mga mag-aaral. Maaring iyong napansin ang pag-iba ng kilos o ugali ng inyong anak katulad ng:

- Sobrang sigasig at pagkabigla sa unang bahagi ng mga buwan na nauwi sa galit at pagkabigo.
- Pagbabago ng ugali sa bahay at sa paaralan.
- Madalas na kawalan ng ganang pumasok sa klase o di mabuting pakiramdam.
- Ayaw magsalita sa Ingles o di kaya, konting salita sa Ingles.
- Pagtangi sa sarili niyang wika at kultura.
- Mas nagiging mahalaga ang oras para sa kaibigan keysa sa pamilya.

Itong mga kilos at ugali ay madalas pang-karaniwan. Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa inyong anak, kausapin ang guro sa slid-aralan at guro ng ESL sa inyong paaralan. Maari ding humingi ng tulong sa Multicultural Worker na nakaka-salita ng inyong wika.

“Ways you can Support your Child’s Learning at Home”

“Paraan ng pagsuporta ng pag-aaral ng inyong anak sa bahay”

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.



Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

Paraan ng pag-suporta sa pag-aaral ng inyong anak sa bahay



Paraan ng pagsuporta sa iyong anak



Ang pagtuto ng bagong wika ay isang mahaba at kumplikadong paraan. Ang pag-adjust sa panibagong sistema ng pag-aaral sa bagong bansa ay hindi madali. Maraming mag-aaral ang nahihirapan. Kailangan ng iyong anak ang pag-unawa at suporta.

Paraan ng pagbigay ng suporta sa pag-aaral ng aking anak sa bahay:

1. Lumikha ng tahimik na lugar at regular na oras para sa homework at pag-aaral. Kung masyadong maingay at abala ang inyong pamamahay, dalhin ang inyong anak sa pampublikong library.
2. Kausapin ang iyong anak tungkol sa mga pangyayari sa paaralan at hilingin na ipakita niya ang kaniyang gawain katulad ng “art work”, “journals”, o eksamen.
3. Dalhin ang mas nakababatang anak sa paglalakad at pagusapan ang inyong nakikita. Nakakatulong ito sa pagtuto ng mga bata tungkol sa kapitbahayan at mabibigyan ang mas nakatatandang mga anak ng tahimik na oras para mag-aral.
4. Tanungin ang inyong mga anak tungkol sa mga sulat, talaan, at “bulletins” na galling sa paaralan o sa guro. Kung hindi niyo ito mabasa, humingi ng tulong sa isang Multicultural Worker o kaibigan na maaring magsalin nito sa inyong wika.

5. Sa Hunyo, ang paaralan ay magbibigay ng “school calendar” para sa susunod na pasukan. Nagbibigay ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa “school dates.”
6. Gamitin ang sariling wika araw-araw. Halimbawa, mag-usap sa hapag-kainan, magbasa o magkwento sa iyong anak sa sariling wika.
7. Tulungan ang iyong anak sa pagtaguyod ng kaalaman sa sariling wika tungkol sa bagong paksa na kanilang pinagaaralan. Magbasa ng libro, manood ng “videos”, at mag-usap tungkol sa iba’t-ibang usapin. Hanapin ang impormasyon sa sariling wika sa internet.
8. Kung ang iyong anak ay nalilito at hindi maintindihan ang gusto ng guro, himukin na kausapin ang guro tungkol dito.
9. Ang pagtuto ng bagong wika ay nakakapagod. Siguraduhin na ang iyong anak ay nakakatulog ng mabuti. (8 hanggang 10 oras gabi-gabi ang



inirerekomenda para sa mga bata at kabataan.)

10. Ipakita sa iyong anak na ang pag-aaral ng Ingles ay mahalaga. Tulungan ang iyong anak na makahanap ng pagkakataong magamit ang Ingles sa labas ng paaralan (sentro ng komunidad, programa ng paligsahan o sports programs, samahan ng mga kabataan o kahit ang pagugol ng oras kasama ng mga school mates, etc.).
11. Maging mapasensiya. Unawain na ang pag-aaral ng wika sa panibagong sistema ng pag-aaral ay isang mahabang paraan..